

Impormasyon para sa mga migranteng gustong magtrabaho sa New Zealand

Binabago ng Accredited Employer Work Visa (AEWV) ang paraan kung paano kukuha ang mga tagapag-empleyo ng mga migranteng manggagawa para sa pansamantalang trabaho. Kapag naipasa nila ang mga kahingian ng pagsusuri ng trabaho, ang mga akreditadong tagapag-empleyo ay maaaring kumuha ng mga migranteng manggagawa na may kasanayan para sa mga marapat na trabaho. Kabilang dito ang pagsiguro na walang sinumang taga-New Zealand na makagagawa ng trabaho.

Mga benepisyo para sa mga migranteng manggagawa

Dinisenyo ang bagong proseso upang tiyakin na mga mabubuting tagapag-empleyo lamang ang maaaring kumuha ng mga migranteng manggagawa, at naglalayon itong hadlangan ang pagsasamantala sa migrante. Kapag naging akreditado na ang isang tagapag-empleyo at may aprubadong pagsusuri ng trabaho, ang AEWV ay mag-aalok sa iyo ng:

- › higit na katiyakan tungkol sa trabahong inaaplayan mo
- › tiwala na natutugunan ng tagapag-empleyo ang mga batas at pamantayan ng trabaho sa New Zealand
- › mas mahusay at mas malinaw na proseso ng aplikasyon para sa visa
- › nadagdagang mas maagang katiyakan sa proseso ng aplikasyon para sa visa.

Ano ang ibig sabihin ng 'akreditadong tagapag-empleyo'?

Ang mga tagapag-employong makatutugon sa ilang mga panukat ay maaaring maaprubahan bilang mga akreditadong tagapag-empleyo ng Immigration New Zealand. Dapat nilang patunayan na ang kanilang negosyo ay tunay at magtatagumpay at walang kasaysayan kamakailan ng paglabag sa mga kahingian ng imigrasyon at pamantayan ng trabaho. Kailangan din na ang mga akreditadong tagapag-empleyo ay magbigay ng impormasyon sa mga migranteng manggagawa tungkol sa paninirahan sa New Zealand.



Ano ang pagsusuri ng trabaho?

Kapag sila ay akreditado na, maaaring mag-aplay ang mga tagapag-empleyo para sa 'pagsusuri ng trabaho' para sa bawat trabaho na kailangan nila ng migrante. Kukumpirmahin ng pagsusuri ng trabaho na:

- › ang trabaho ay babayaran ng pang-merkadong halaga (market rate) at tutugon sa anumang natutukoy na hangganan ng sahod, na sa karamihan ng mga kaso ay ang panggitnang sahod (median wage)
- › ang trabaho ay para sa minimum na 30 oras kada linggo
- › inanunsyo ng tagapag-empleyo ang trabaho sa mga taga-New Zealand, kung kailangan.



Ang maraming bakante na pare-pareho ang trabaho ay maaaring isama sa kaparehong pagsusuri ng trabaho, halimbawa, anim na makinista sa isang pabrika.

Kailan ako maaaring mag-aplay para sa AEWV?

Kapag ang pagsusuri ng trabaho ay naaprubahan na para sa akreditadong tagapag-empleyo, hihilingin niyang ikaw ay mag-aplay para sa AEWV para makapagtrabaho ka sa gawaing iyon.

Ang bagong visa ay magbubukas para sa mga aplikasyon simula sa ika-4 ng Hulyo 2022.



Ano ang proseso?

Ang pag-aplay para sa AEWV ay tulad ng pag-aplay para sa anumang visa para sa pansamantalang trabaho, maliban sa ang iyong aplikasyon ay para magtrabaho para sa isang partikular na akreditadong tagapag-empleyo, sa isang marapat na trabaho na naaprubahan na sa yugto ng pagsusuri ng trabaho. Dapat mong matugunan ang mga kahingian ng Immigration New Zealand tungkol sa pagkatao, pagkakakilanlan at kalusugan. Kailangan mo ring ipakita na mayroon ka ng mga kasanayan at karanasan na kinakailangan para sa tungkulin, na tinukoy bilang bahagi ng pagsusuri ng trabaho.

Magagawa ang mga aplikasyon sa online. Ang mga tagapag-empleyo ang magbabayad para sa kanilang akreditasyon at mga aplikasyon para sa pagsusuri ng trabaho, at ang tagapag-empleyo o ikaw ang magbabayad para sa visa.

Para sa karagdagang mga detalye, bisitahin ang immigration.govt.nz/applying-for-aewv

Mag-aplay gamit ang pinahusay na Immigration Online system na dinisenyo para gawing mas mabilis at mas madali ang pagsumite ng mga aplikasyon sa online at masubaybayan ang katayuan ng aplikasyon.